**INTERNATIONAL NAPASA ( June 3, 2025 )**

## 1)PANGYAYARING NAKAWAN NOONG BUWAN NG ABRIL SA LOOB NG SIYUDAD

4月に市内で発生した盗難事件の情報

Noong buwan ng Abril ay nagkaroon ng kabuuang 43 na kaso ng pagnanakaw ng bisikleta sa Hiratsuka City. Ang mga pangyayari ay naganap sa halos lahat ng bawat distrito ng siyudad lalo na sa lugar ng Beniyacho na may 6 kaso, 4 na kaso sa Takaramachi at Daikancho at 3 kaso sa Amanuma at Akashicho. Kahit nasa kapaligiran ng tahanan nakaparada ang bisikleta at kahit nakasusi na ay nananakaw pa rin. Ipinapayo na kapag ipinarada ang bisikleta, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan din ng ***CABLE LOCK*** na mabibili sa mga ***HOME CENTER.***

Nagkaroon rin ng kabuuang 11 kaso ng pagnanakaw ng motorsiklo. Ipinapayong kapag ipinarada ang motorsiklo, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan rin ng kandadong panlaban sa magnanakaw. May mga kaso rin ng pagnanakaw ng mga gamit sa loob ng sasakyan sa Okazaki, Amanuma at Beniyacho. Ipinapayong huwag mag-iwan ng mga mahahalagang bagay sa loob ng sasakyan.

## 2)IMPORMASYON UKOL SA JAPANESE CLASS GAMIT ANG “ZOOM”

”ZOOM” アプリを使った日本語クラスのお知らせ

Ang ***INTERNATIONAL EXCHANGE FOUNDATION*** ay magbubukas ng libreng Japanese Class para sa pag-aaral ng Hiragana at Katakana gamit ang ***ZOOM*** Application. Makakalahok dito gamit ang Smart Phone o Personal Computer. Ang Class na ito ay isasagawa mula June 18 hanggang August 29 tuwing Miyerkules at Biyernes. Para sa mas detalyadong nilalaman ng klase ay makikita sa Home Page ng ***INTERNATIONAL EXCHANGE FOUNDATION***.

## 3)IMPORMASYON UKOL SA OPEN MARKET NA SUNSUN ・MARCHE

青空市場「サンサン・マルシェ」のお知らせ

Sa June 8 (Sunday) ay magkakaroon ng open market na “***SUNSUN ・MARCHE”*** sa ***SHONAN KAIGAN PARK*** sa Takahamadai. Ang Oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang alas 2:00 ng hapon. Makabibili ng mga handmade na accessories at masasarap na pagkain sa Kichen Car. At ang paradahan ng sasakyan dito ay libre. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-31-7211 (0463-31-7211).**

## 4)UKOL SA SPORTS LESSON NA MAGSISIMULA SA BUWAN NG HULYO

7月から始まるスポーツ教室のおしらせ

Ang Hiratsuka City ay magbubukas ng iba’t-ibang ***SPORTS LESSON*** para sa pagpapabuti ng kalusugan ng mamamayan ng lungsod. Ang mga nakapaloob na Sports ay ***AEROBICS, FITNESS, STRETCH EXERCISE*** at iba pa**.**

Para sa detalye ng bawat schedule ng lesson, bayarin at iba pa ay makikita sa Home Page ng ***TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)*** ng Hiratsuka City. Maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-35-0102 ( 0463-35-0102 ).** Ang huling araw ng pag-aapply ay hanggang sa June 13 (Friday). Maaari ring mag-apply sa Home Page ng nasabing foundation.